# 多言語情報コーナー　（令和７年　７月号）

## 1. Ang App sa Paghihiwalay ng Basura na「3R's」ay Mayroon na Online.

Ang 「3R's」ay isang mobile app tungkol sa paghihiwalay ng mga basura na mabibigay daan upang madaling malaman ang pagtatapon at paghihiwalay ng uri ng mga basura. Aabisuhan ka rin nito sa mga araw ng koleksyon ng itatapon na basura.

Bukod sa salitang hapon, available din ito sa mga iba pang lengguwahe tulad ng Ingles, pinagaaang Chinese, Vietnamese at Nepalese. Kaya huwag ng mag-atubiling gamitin ito.

Bilang karagdagan, ang app na ito ay available na rin online mula pa noong ika-2 ng Hunyo.

Ang pinakatampok sa app na ito ay ang schedule ng koleksyon ng basura at recyclable materials, ang paraan ng paghihiwalay at pagtatapon ng basura at recyclable materials, at pinasimpleng chart ng paghihiwalay ng mga ibat-ibang uri basura at recyclable materials pati na rin ang mga anunsyo ng pamahalaang lungsod. Kapaki-pakinabang ang mga features sa application na ito kaya samantalahin ang gamit nito.

Bilang karagdagan din, ang website ng siyudad at ng Tochigi International Community ay nagbibigay impormasyon sa paraan ng paghihiwalay at pagtatapon ng basura, kalendaryo ng araw ng mga koleksyon ng basura at tampok din ang app na 「3R's」kaya tignan natin ang mga nasabing websites.

**2. mpormasyon Tungkol sa Paglilibot sa mga Pasilidad na Papasukan ng mga Bata na Nursery School at iba pa sa Academic Year ng Susunod na Taon na 2026.**

Ang pasilidad na papasukan ng mga batang papasok sa nurseries, sertipikadong childcare centers at iba pang paalagahan ng bata ay magkakaroon ng facility tours. Gamitin ang pagkakataon na ito upang makilahok sa nasabing palilibot sa mga pasilidad na paalagahan kung saan nais ipasok ang mga anak.

Ang application upang makapasok ang mga bata sa paalagahan ay mula Setyembre. Para sa mga detalye tungkol dito ay malalaman sa website ng lungsod ganoon din sa paglilibot sa mga pasilidad.

Ang mga pampublikong nursery school tulad ng 「Kuranomachi」, 「Otsuka」, 「Hakonomori」,「Ohiranishi」,「Ohiraminami Daiichi」,「Fujioka Heartland」, 「Tsuga Yotsuba」「Iwafune」ay magkakaroon ng facility tour sa ika-23 ng Hulyo at mag-uumpisa ang registration sa bawat pasilidad sa ganap ng ala 1:3 ng hapon sa araw na ito.

Ang mga pribadong nursery school, mga sertipikadong childcare facilities at iba pang maliliit na pasilidad ay may ibat-ibang petsa ng kanilang facility tours kaya mangyaring tignan ang website ng Tochigi City para sa mga detalye.

Sa mga lalahok ng facility tours ay dapat magdala ng kanilang indoor shoes, panulat at notes.

## 3. Ang mga Prayoridad na Evacuation Centers na Bubuksan Sakaling Magkaroon ng Sakuna.

Ang lungsod ay naghanda ng 23 lugar na evacuation centers upang mapabilis sa lalong madaling panahon ang pagbubukas ng mga lugar na maaaring paglikasan kung magkaroon ng kalamidad.
Ito ay itinalaga ng lungsod bilang prayoridad na evacuation centers.
Kasama rito ang Ohira Community Center ngunit mula Abril ngayong taon ay pinalitan na ito ng Ohira Junior HighSchool dahil sa kahirapang magamit ang gymnasium nito.
Kapag binuksan ang ang mga prayoridad na evacuation centers, agad na magpapadala ng mensahe sa cellphones ng mga nasa Tochigi City. Malalaman din ang mga impormasyon sa website ng lungsod.
Ang mga pasilidad na itinalaga ng lungsod bilang mga evacuation shelter, kabilang ang mga binibigyang prayoridad sa pagbubukas, ay ibinukod bilang "emergency evacuation sites" at "evacuation shelters." Alam nyo ba ang pagkakaiba sa pagitan ng isang "evacuation site" at isang "evacuation shelter"?
Ang "evacuation site" ay isang lugar na pansamantalang lilikasan kapag may napipintong panganib. At ang "evacuation shelter" naman ay lilikasang lugar sa loob ng isang tiyak na tagal ng panahon pagkatapos humupa ang sakuna kapag nasira ang tahanan at hindi na maaaring manirahan dito. "Evacuation shelter" at "isang lugar na matatakbuhan" ay mga alternatibong expression para sa "evacuation site," kaya maaaring malito ang ilan. Mahalagang maunawaan ang pagkakaiba ng kahulugan sa pagitan ng "evacuation site" at "evacuation shelter."
Kapag may paparating na kalamidad at kailangang lumikas sa isang evacuation site para sa isang emerhensiya upang mailigtas ang buhay, mahalagang magdala ng pagkain at inumin.
Papalapit na ang tag-ulan at panahon na naman ng pagdating ng mga bagyo. Higit pa rito, hindi alam kung kailan maaaring mangyari ang isang malaking lindol.

# 多言語情報コーナー

（令和７年　７月号）

Upang maiwasan ang mga kalituhan sa isang emergency, mahalagang tiyakin nang maaga ang kinaroroonan ng mga evacuation sites.

## 4. Impormasyon tungkol sa *"Isang Lugar para Magpalamig Sandali".*

Nagtalaga ang lungsod ng Tochigi ng mga lugar na tinawag na "Chokotto Suzumidokoro" (Lugar para Magpalamig ng Sandali) kung saan madaling magpalamig ang mga tao upang maiwasan ang heatstroke. Bilang karagdagan, kapag nagforecast ang pamahalaan ng mapanganib na init at naglabas ng "heatstroke special alert," maaaring pumunta sa isang "cooling shelter" na itinalaga ng lungsod.

Mayroong 128 ang itinalagang lugar sa loob ng lungsod. Halimbawa, ang mga pampublikong pasilidad ay kinabibilangan ng Tochigi City Hall Main Building, ang mga sangay ng munisipiyo sa Ohira, Fujioka, Tsuga, Nishikata, at Iwafune, mga libraries at mga health at welfare centers sa bawat nasabing lugar. Kasama din ang mga pribadong pasilidad gaya ng Aeon, Torisen, York Benimaru, Welcia, FamilyMart, at mga Post Offices.

Mangyaring sumangguni sa website o leaflet ng Tochigi City Hall para sa listahan ng mga magagamit na pasilidad. Ang mga leaflet ay makukuha sa City Hall, sa ibat-ibang sangay nito at mga community centers. Hanggang sa ika-22 ng Oktubre ang itinakdang paggamit sa mga nasabing lugar.

Sundin ng mabuti ang mga alintuntunin sa paggamit ng mga itinalagang ***"Lugar para Magpalamig Sandali"*** upang maiwasan ang heatstroke.